Karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap ng Lugsod para sumunod sa American with Disabilities Act (ADA), at lalo na, ang Programa ng Access Request para matugunan ang pasilidad/karapatan sa pagdaan ng mga naglalakad, at mga hiling galing sa isang tao nay may kapansanan sa paggalaw o mula sa kanilang tagapag-alaga, ay mahahanap sa:
longbeach.gov/citymanager/ada

Para ipaalam ang mga lugar na may problema sa mga karapatan sa pagdaan, mangyaring kontakin ang Accessibility Coordinator ng Lugsod sa (562) 570-6257.

Kung ang impormasyon na ito ay kailangan sa isang alternatibong pormat, mangyaring tumawag sa Accessibility Coordinator ng Lungsod sa **(562) 570-6257** o email kay **jennifer.kumiyama@longbeach.gov**.

Mayroon din na impormasyon sa Espanyol, Khmer o Tagalog at:
longbeach.gov/citymanager/ada.

City of Long Beach Public Works
411 W. Ocean Blvd.
Long Beach, CA 90802

Phone: (562) 570-5000

longbeach.gov/pw/

@LBPublicWorks

AMERICANS WITH DISABILITIES ACT (ADA) CURB RAMP PROGRAM

Isang Pamplet ng Impormasyon sa mga ADA Curb Ramp sa Long Beach

CITY OF LONG BEACH

Ang American with Disabilities Act (ADA) ay isang batas ng karapatang sibil na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga indibidwal na may kapansanan sa lahat ng mga lugar ng pampublikong pamumuhay para matiyak nay mayroon silang parehong karapatan at mga oportunidad gaya ng iba.

Nuong 2014, isang kaso ang isinampa na nagbibintang na ang Lungsod ng Long Beach ay nagbigay ng hindi sapat na pisikal na pag-access sa mga sidewalk, tawiran, rampa, daanan, at iba pang mga pasilidad ng mga naglalakad at mga karapatan ng daanan para sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang lungsod ng Long Beach ay mayroong mandato sa ilalim ng batas at isang Kasunduan ng Pagsasaayos ng ADA para makapaglaan ng pagkakaroon ng pag-access sa kabuua ng Lungsod hanggang sa makakaya. Itong pagsasaayos na mga tagubilin ay maaaring humantong sa litigation at mga multa.

Bilang Bahagi ng Kasunduan ng Pagkakaayos ng ADA ng Oktubre 2017:

1) Lumikha ng 4,500 na curb sa bangketa sa mga lokasyon na wala

2) 2) Pag-retrofit ng 16,000 ng mga curb na rampa o gumastos ng $50 milyon sa mga kasalukuyang hindi sumusunod sa mga curb na mga rampamga curb na mga

3) 3) Gumastos ng $125 na milyon para sa iba pang mga pasilidad na lumalabag, maliban pa sa mga ibang mga rampa, tulad ng mga bangketa at tawiran

SAAN KINAKAILANGAN ANG MGA RAMPA

Kadalasan, ang mga rampa ay kinakailangan sa mga interseksyon at kung saan man ang mga sidewalk ay tumatawid sa bangketa. Ang mga rampa ay dapat na sa lugar para matiyak ng isang tao na may kapansanan sa paggalaw ay maka tawid sa gilid ng kalye, o papunta sa anumang mga bangketa, sa sidewalk sa kabilang dako ng kalye. Kung saan man may rampa o may nailagay na rampa, kailagan pa ng isang rampa sa tapat sa kabilang kalye. Ibig sabihin nito ay kailangan may dalawa sa bawat interseksyon para sa sinumang tao na may kapansanan sa paggalaw para ligas na makatawid sa kalye.

BAKIT PINILI ANG PARTIKOLAR NA LOKASYON PARA SA RAMPA?

Para makasunod sa mga tagubilin sa ilalim ng Americans with Disabilities Act, isang rampa ay dapat ialagay para ma-access ang kasalukuyang sidewalk, pasilidad na pampubliko, lugar na maraming naglalakad, na ligtas na makalakbay sa mga lokayson kung saan maraming o mabibilis na sasakyan, na ligtas na makadaan sa mga harang sa mga karapatan sa pagdaan (halimbawa, sa mga imobrnal, mga lumang puno, daanan ng bus at iba pa).

BAKIT PULA ANG PINTURA NG INTERSEKSYON?

Ayon sa Municipal Code ng Long Beach, ipinagbabawal ang pagparada sa loob ng 20’ ng simula ng interseksyon at 10’ mula sa dulo ng interseksyon para mapanatili ang sapat na kaluwagan at layo sa paningin para sa kaligtasan.

ANG ISANG DRIVEWAY BA AU PUNTO NG PAG-ACCESS NG NAGLALAKAD?

Hindi, dahil ito ay lumilikha ng posibleng hindi pagkakasundo sa kaligtasan sa mga naglalakad at mga sasakyan at hindi nakakamit ang mga legal na pamantayan at mga tagubilin ng isang rampa sa bangketa.

BAKIT NAWALA ANG MGA KASALUKUYANG MGA PARADAHAN AT MGA PARKWAY NA MGA PAGPAPAHUSAY?

Sinisikap ng Lungsod na bawasan ang mga paradahan at kasalukuyang mga epekto ng mga parkway. Para makasunod sa mga pederal at mga batas ng Estado sa pagbigay ng pantay na pantay sa pag-access at magsundo kasunduan ng pagkakaayos ng 2017, sa maraming kaso, ito ay hindi maiiwasan.